Journal of Asian Societies
ISSN: 2815-1933
Volume 2, Issue No. 1 (June 2023)
www.journalofasiansocieties.com

*Research Article*

# "Pugad Baboy" Serye Una hanggang Sampu ni Apolonio Medina Jr.: Isang Pagsusuri

BABY JEAN M. VERA CRUZ-JOSE
*Central Luzon State University*
*babyjeanjose@clsu.edu.ph*

**ABSTRACT**

Malaki ang ginagampanang papel ng panunuring pampanitikan sa pagpapakilala ng mga akdang nagkaroon ng malaking ambag para sa pangkalahatang kagalingan ng lipunang pinagluwalan nito. Gayundin na mahalaga ang katungkulan nito upang mahimay at makatas ang laman na tumutukoy sa mensahe at layuning nakapaloob sa akda para sa mas malalim na pag-unawa rito. Tunguhin ng pananaliksik na ito na 1) matukoy ang mga isyung masasalamin sa serye una hanggang sampu ng "Pugad Baboy" batay sa aspetong pang-edukasyon, pang-ekonomiya, pampulitika at pansosyal ng lipunang Pilipino 2) mailarawan ang kulturang pampamilya ng mga Pilipino 3) mailahad ang istilong ginamit ng awtor at mabigyang diin ang paraan o teknik nito na ginamit para sa pagpapalutang ng mga nabanggit na isyu gayundin ang kultura ng pamilyang Pilipino 4) mailahad ang representasyon ng bawat tauhan sa kontemporaryong kalalagayan ng lipunang Pilipino, paano sila inilarawan ni Apolonio Medina Jr. at 5) matukoy at maisa-isa ang mga implikasyon ng mga isyung pang-edukasyon, pang-ekonomiya, pansosyal, pampulitika at kultura ng pamilya sa mga estudyante, guro, mamamayan, mga opisyal sa pamahalaan at mga opisyal sa edukasyon.

Sa dalawamput dalawang serye ng Pugad Baboy, sampu sa naunang serye(serye una hanggang sampu) ang binigyang pansin. Batay sa resulta ng pag-aaral batay sa paglalapat ng dulog realismo lumabas sa pag-aaral na :maraming mga isyung panlipunan ang tinatalakay ng komiks na Pugad Baboy tulad ng bullying, jobmismatch, kahirapan,nepotismo, at kahirapan. . Nakapaloob din sa mga sinuring serye ang mga kulturang Pilipino hinggil sa pamilya. Makatotohanan na

naipakita ng mga serye ang katangi-tanging kaugalian ng mga Pilipino kapag pamilya na ang pinag-uusapan. Samantala, naging epektibo ang paggamit ng mga tayutay tulad ng pagmamalabis at pag-uyam para sa "di-pansin" na pamumuna.

Mayroong kapangyarihang ang mga komik istrip na pangunahan ang hinanaing at magsilbing boses ng masang Pilipino. May kakayahan din itong pumukaw ng atensyon sa pamamagitan ng satirikong pagtugon sa mga isyu. Nagbubukas ito ng pinto upang pag-usapan ang mga kailangang ang kailangan matugunan. Hangarin nitong gisingin ang mga natutulog sa tungkulin sa pamamagitan ng pagkuha ng pakikiisa at pakikisangkot ng masa. Gumuguhit ito ng latay sa madla na nagpapamulat sa mga Pilipinong mangialam sa mga isyung kinakaharap ng bansa.

***Mga Susing Salita:*** *Komiks, Panunuring pangnilalaman, Pansosyal na Isyu, Saritiko*

## PANIMULA

Isang komikong libro na sumasalamin sa mga pangyayaring pulitikal at kultural ng mga Pilipino na isinulat at iginuhit ni Apolonio "Pol" Medina Jr. na nakabatay ang konsepto nito sa pagpapatawa - ang "Pugad Baboy". Nagsimula ito dalawang dekada (1998) na ang nakaraan at unang nailathala sa Philippine Daily Inquirer noong May 18, 1988.

Ayon kay Michael Keys, isang manunulat at komedyante:

> *"The Comic [and/or comic strip] has become the truth-teller. . . the person who pulls back the curtain . . . [and while] some people can be moved by a wonderful piece of rhetoric; some people can be moved by a stirring speech. But everybody can be moved by something that makes them laugh. Everybody."*

Ang komiks at/o komik istrip ay mayroong malaking kontribyusyon at ambag sa mga isyung panlipunan sa bansa. Gampanin nitong maglahad ng katotohanan sa naiiba at malikhaing paraan. Hinihikayat ng mga manunulat ng komiks tulad na lamang ni Pol Medina Jr., awtor ng Pugad Baboy, na mangialam at makisangkot ang mga mamamayan sa mga isyung umiiral sa bansa. Hindi namamalayan ng mga mambabasa na sa simpleng pagbabasa at pagtawa sa komik istrip ni Pol ay namumulat ang kanilang isipan sa mga nangyayari sa bansa sapagkat hindi lamang ang pangkaraniwang buhay ng mga Pilipino ang ipinakikita ng mga istrip ng "Pugad Baboy" kundi pati na rin ang pagbibigay ng impormasyon ukol sa ilang pangyayari na naging bahagi ng kasaysayan ng bansa. Ipinakikita rin sa komiks na ito ang ilan sa mga sentimyento ng mga karamihang Pilipino, ang walang katapusang isyu ng korapsyon at kahirapan ng bansa.

*"Medina primarily exploited the Filipino psyche and transpire them in the different contemporary issues using comics as a medium. Public figures, politicians, and even celebrities are often the subject of his caricature and ironic commentary but with a subtle reference to the personalities involved"* (depedtambayan.net).

Tinatalakay rin ng komikong libro na ito ang pinakamaliit na isyu at suliranin ng bansa. Kabilang sa mga ito ang kurapsyon, maling pamamalakad ng mga opisyal ng gobyerno na nagreresulta ng kahirapan, pagtatalo ng simbahan at pamahalaan, suliranin sa edukasyon, pagiging extended family ng karamihang pamilya ng mga Pilipino at panlalamang ng ilan sa kapwa. Nailarawan din ng akdang ito ang iba't ibang mukha ng mamamayang Pilipino, mula sa pinakamababang pinanggalingan hanggang sa pinakamataas na lebel ng tao sa lipunan.

Hindi lamang nito naipakikita ang kultura at pulitika kundi isinisigaw rin nito ang mga opinyon at reaksyon ng bawat Pilipino sa iba pang panlipunang isyu sa paraang hindi pagalit ngunit sa halip ay sa pamamagitan ng pagtatanim sa mga puso't isipan ng mga nakatatawang pangyayari kahit pa maraming krisis ang pinagdaraanan. Batay sa ilang pananaliksik na kauganay nito, nakatulong nang malaki ang teknik na pagpapatawa sa pagkikintal ng mga ideya— pulitikal at kultural kahit na may mga ilang kumukondena nito dahil sa "hindi mapasusubaliang masayahin sa lahat ng panahon ng mga Pinoy, at sa halip na matututo sila buhat sa kanilang pagkakamali, nagagawa pa na nila itong katatawanan" (Franklin, 2001).

Ayon kay Pol Medina Jr. sa isang panayam ng GMA News, ang kaniyang mga likhang obra ay satiriko. Iniralawan niya itong "chap suey" sapagkat hango ang istrips sa iba't ibang istoryang sumasalamin sa lipunan at/o pamilyang Pilipino.

Ang satirikong lapit sa madla ay isang mabisang instrumento upang matalakay ang mga isyung panlipunan. Mabisang tulay ang satiriko tungo sa pag-abot sa higit na maraming bilang ng mambabasa o tagapagtangkilik. Ani ng isang Canadian na kritiko na si John Doyle, may mga pagkakataon na kailanganing pairalin at palutangin ang pagiging satiriko ng bawat indibidwal lalo na kung pumapatungkol ito sa mga isyung panlipunan.

Pahayag na sinang-ayunan naman ni Ylagan (2019), sa konteksto ng Pilipinas, ang gamit ng *satirical humour* ay tinitignan na isa lamang uri ng katatawanan o entertainment mula sa pangungutya ng pinupunang indibidwal, grupo o organisasyon at iba pa. Subalit, sa pagiging satiriko ng mga manunulat at/o artis ay naipapahayag ang mga mahahalagang isyung nagkukubli sa mga guhit na larawan at dayalogo. Mayroong malaking kontribusyon at mabisang estratehiya ang pagpapatawa upang matalakay at mapangalagaan ang karapatang sosyal at identidad ng mamamayan.

Dagdag pa niya: *"Humour thus becomes “one of a wide variety of linguistic and pragmatic strategies available [especially] to those ‘out of power’ to construct a positive identity, and also to subvert the pervasive influence of the dominant group by testing, stretching, and contesting normative boundaries”* (Vine et al. 2009).

Batay naman sa pahayag ni Rina Jimenez-David ng Philippine Daily Inquirer sa Pugad Baboy 6, 1995: *“Other’s remark on (Pugad Baboy’s) interesting mix of characters who manage to stand for “typical” Filipinos while being their own idiosyncratic selves. But most of all, people like the way it reflects contemporary Filipino Society, the way it digs at both powerful and ordinary folk, and the way its humor is very Pinoy.”*

Dahil dito, maituturing na matagumpay ang Pugad baboy dahil sa natutupad nito ang pangunahing layunin nito sa mga mambabasa- makapagbigay ng kasiyahan at makapagpamulat sa mga Pilipino ng mga isyung panlipunan hanggang sa kasalukuyan na kailangan nilang makisangkot.

Sa kabilang banda, inilahad ni Pol Medina Jr. na, “May nagiging kahalagahan din ang Pugad Baboy o o iba pang animation sa edukasyon dahil epektibo itong instrumento ng edukasyon lalo na’t nasasagap ng mga mata ang 90% ng natutunan ng tao…. pinagsasama nito ang alamat at kultura gamit ang modernong teknolohiya kaya nakapagbubukas ito ng paningin ng mga tao para sa kinabukasan”.

Samantala, kung pulitika ang pag-uusapan, ang serye Pugad Baboy ay isang magandang salamin ng sistemang pulitikal dito sa ating bansa. Hindi man tuwiran, inilalantad nito ang sari-saring katiwalian at anumalyang laging nagiging mukha ng pulitika sa bansa. Maging ang magandang gawi ng mga namumuno sa bansa ay makikita rin sa mga istrip ng komiks na ito na ginagampanan ng mga karakter sa nakatutuwang paraan.

Sa lahat ng ito pinatutunayan na ang “Pugad Baboy” ay sumasalamin sa makatotohanang kalagayan ng lipunan sa kasalukuyan kaugnay ng mga paniniwala at pagkatao ng mga Pilipino gayundin ang kahinaan at kalakasan ng bawat isa. Maraming tumatangkilik sa literaturang ito kaya minabuti ng mananaliksik na pag-aralan ito para makilala ang mga isyu o pangyayari sa pang-edukasyon, pang-ekonomiya, pampulitika at pansosyal na aspeto gayundin ang kulturang pampamilya ng mga Pilipino.

## METODOLOHIYA

Bumuo ng mga gabay na tanong ang mananaliksik bago isinagawa ang pagbabasa sa mga piling serye. Layon nitong magkaroon ng agarang direksyon sa mga kukuning impormasyon. Nagsagawa rin ng pakikipanayam ang mananaliksik sa ilang mga guro at estudyante na nakabasa na ng serye una hanggang sampu na nakatulong nang malaki para sa pagsusuri sa “Pugad

Baboy" dagdag pa rito, ang pagsasagawa ng manananliksik ang sounding-out-friends-impormal o simpleng pakikipagkwentuhan sa mga kaibigan, kasambahay at kasama sa opisina (Bernales, 2006) na nakapagbasa na ng mga nabanggit na serye ng Pugad Baboy at nakatulong nang malaki ang mga ideya, karanasan o kurukuro na naibahagi ng mga nakapanayam para sa matibay at malawak na pagsusuri sa paksa.

Ginamit naman ang content analysis o pag-aanalisang pangnilalaman gamit ang dulog realismo para sa sistematikong pamamaraan sa paglalalarawan ng mga pasulat, pasalita at biswal ng komunikasyon. Pamamaraan ito sa pananaliksik na hindi na nangangailangan ng mga kumplikadong statistical tool. Sa pagsusuri, higit na bibigyang tuon ang paksa sapagkat nais palutangin sa papel na ito ang pagkiling sa katotohanan at pagigging realistiko ng mga kwento mula sa dayalogo ng mga komik istrip ng Pugad Baboy.

Isinagawa rin ng mananaliksik ang "kritikal na pagbasa" (Angeles, et.al.,2011) sa bawat serye na sakop ng pag-aaral upang mabigyan ng mga kasagutan ang mga inilahad na suliranin sa unang kabanata ng pag-aaral na ito. Maingat na kinilala at inisa-isa ng mananaliksik ang mga isyu at kultura ng pamilyang Pilipino na masasalamin sa mga nasabing serye ng "Pugad Baboy" sa pamamagitan ng paglalagay ng **bilang** ng istrip sa bawat serye upang mabilis na makita at makilala nito ang mga larawang sasagot sa mga suliranin ng pag-aaral.

## Pagsusuri

*Mga isyung Pang-edukasyon, Pang-ekonomiya, Pampulitikal, at Pansosyal na aspeto*

*Pang-edukasyon*

Isa ang Pilipinas sa may mataas na literasi sa buong Asya at sa buong mundo na may 93 na porsyento bilang resulta, in-demand ang mga Pilipino sa buong mundo ngunit sa kabila ng lahat ng ito, hindi na matapos-tapos ang usaping pang-edukasyon sa bansa. At ang mga sumusunod naman ang mga isyung pang-edukasyon na kailangang tutukan ng pamahalaan ang paglobo ng bilang ng mga paaralan, malaking porsyento ng dropout, pagkabagsak at pag-uulit ng karamihang mga estudyante o mag-aaral na lalaki, mababang kalidad ng edukasyon, *affordability, mismatch* at maliit na pondo na iniaatang ng gobyerno gayundin ang brain drain, social strata at gargantuan (Ronald Menairdus, 2003).

Kaugnay nito, lumabas sa pag-aaral na mayroong siyam (9) na isyung pang-edukasyon ang makikita sa mga serye ng Pugad Baboy, una ay ang *mababang sahod ng mga guro* na mababasa sa Pugad Baboy (PB) serye 3, pahina 46, istrip bilang 181 ang hinaing ng mga guro kaugnay ng pagkakaroon ng mababang sahod. Nakapaloob ito sa liriko ng awit na pinakikinggan ni

Polgas na "…who work 24 hours a day/ they work at midnight/daybreak/come rian/coe shine/ with no day off not even on Sundays", no sick leave no vacation, no salary."

Totoo na mababa ang sahod ng mga guro sa pampublikong paaralan dahil batay sa sinabi ni Villegas (2004) sa kanyang artikulo, aaabot lang sa 4000-6000 kada buwan ang take home na sahod ng mga guro na kung tutuusin ay hindi nakasasapat sa mga gastusin ng guro lalo na kung siya ay may sariling pamilya na. Sinang-ayunan naman ito ng mga nakapanayam na guro. Itinituruing na isa sa mga isyung pang-edukasyon ang mababang pasweldo sa mga guro sa Pilipinas. Matagal nang ninanais ng mga gurong matugunan ang isyung ito ng gobyerno. Ayon sa pakikipanayam, maraming trabaho, hindi lamang mga guro ang hindi nabibigyan ng karampatan at naaayong sahod. Isyung nabigyang kasagutan sa pareho pa ring artikulo, ayon dito, sa lahat ng kasapi ng ASEAN, ang Pilipinas ang may pinakamababang pondo para sa edukasyon.

Pangalawang isyu ay ang *mismatch*, ito ang nakapaloob sa dayalogo ng PB serye 3, pahina 11, istrip bilang 36 ng "Pugad Baboy";

> *Kulas: Buset na buhay 'to! Engineer nga ako sa Pilipinas pero pagdating ditto sa Saudi, draftsman lang ang bagsak ko…ni hindi man lng ako bigyan ng trabahong teknikal para may kaunting challenge!*
>
> *Mr. Sungcal: please design the foundation plan and details of building 4. Here's your reference for live, dead, and earthquake loads..*
>
> *Kulas: Who! Hold it meyn! What do I know about that? I am only a draftsman! Upakan kita jan eh..*
>
> *Mr. Sungcal: What?*
>
> *Kulas: Nothing*

Batay rito, hindi nagagamit ni Kulas ang pinag-aralan o magkaiba ang oryentasyon niya sa aktwal niyang trabaho, pagiging inhinyero ang tinapos niya kaya nararapat lang na mabibigat at pang-inhinyero ang mga gawain dapat nito gunit draftsman lang ang naging trabaho nito. Hindi natutugma ang kanyang naging kasanayan sa kanyang kasalukuyang trabaho.

Inilahad din sa dayalogo ng PB serye 7, pahina 62, istrip bilang 216 ang usapin ng mismatch, hindi man direkta, ipinakikita sa dayalogo ni Bb. Nabotas na maraming titser ang hindi qualified na magturo kaya pinagtitiyagaan na lang ng eskwelahan. Totoo na may mga guro na hindi ang mismong pinagdalubhasaang asignatura ang itinuturo, Filipino major ang guro ngunit TLE o Araling Panlipunan ang ituturo gayundin na may mga nakapagtapos ng apat na kurso na ang trabaho ay mas mababa sa kanilang kurso kaya mas

mababa ang sweldo. Binibigyang punto rin ni Jessie Simbulan (2008) na hindi na bago sa Pilipinas ang usapin ng mismatch dahil ayon sa kanya "..here in the Philippines, job-mismatch is not uncommon. For example, a registered nurse will work in a call center, medical technologies will work as a SAP Employee, an accountant will work as a miner, a management graduate will work as a medical representative…Job mismatch researchers are too many to count and have been so extensive over the past years." Ayon sa pakikipanayaman mula sa perspektiba ng mga guro, ang job-mismatch ay napakalaking lamat sa kalidad ng serbisyo sa bansa. Sa konteko ng edukasyon, hindi nabibigyan ng wastong pagkatuto ang mga mag-aaral resulta ng pagtuturo ng isang gurong hindi kwalipikado sa asignaturang kaniyang itinuturo. Ang resulta ay nakahahadlang ang pagkatuto ng mga estudante sa halip na sana ay mahubong ang kaisipan nito. Maging ang mga estudyanteng nakapanayam ay hindi suportado sa gayong pinahihintulutang sistema sa bansa. Nawawalan umano ng saysay ang pinag-aralan o edukasyong natama ng isang indibidwal kung hindi ito pakikinabangan ng wasto.

Pangatlo namang isyu ay ang *walang pagkatuto o mababaw na pagkatuto.* Makikita ito sa PB serye 10, pahina 64, istrip bilang 159 ang isyung ito:

> *"4+7= 36, 13+9=2, 1+3=187,*
> *Carreon, ano ba naman itong mga sagot mo sa arithemetic?*
> *E yan po kasi turo ng Papa ko eh."*

Ang pagtuturo ng tatay sa anak ay nakapaloob pa rin ito sa edukasyon dahil ayon sa UP Diksyunaryong Filipino (2001), "anumang kaalaman na nakuha sa labas ng pormal na institusyon ay saklaw ng edukasyon. Sa kabilang banda, nagkakaroon din ng mababaw na pagkatuto sa pormal na edukasyon sang-ayon na rin sa isang blogger, nakalulungkot isipin na pababa nang pababa ang kasalukuyang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas. Ang isang estudyante sa kolehiyo na may katamtamang kaalaman at dumaan sa batayang edukasyon ay hirap sa pananalumpati o pagsasalita sa madla at pagsulat ng simpleng sanaysay sa wikang Ingles gayundin na hirap sa pagbibigay solusyon sa simpleng *mathematical calculations*. Ganito rin halos ang inilahad ng isa sa nakapanayam na isang guro sa pananaliksik sa CLSU na hindi nakasusunod sa panuto ang ilang estudyante kahit gamit na ang wikang Filipino. Ang mahirap nito, hindi mo malaman kung sino sa mga kasangkot (estudyante, magulang, guro at pamahalaan) ang sisihin dahil bawat isa sa mga ito ay may responsibilidad na ginagampanan sa edukasyon.

Makikita naman sa PB serye 10, pahina 64, istrip bulang 157 ang pang-apat na usapin ang *hindi angkop na kagamitang pampagtuturo* ni Bb. Nobatos dahil obsolete o hindi updated ang ginagamit niyang visual aids samantalang nasa serye 7, pahina 63 istrip bilang 218 naman makikita ang ang pagsisikap na talakayin ng Bb. Nobatos ang isang paksa na matutuwa habang

natuto ang mga estudyante niya ngunit batay sa dayalogo hindi nagustuhan ng mga estudyante ang kanyang pamamaraan sa pagpapakilala ng aralin. Ibig sabihin nito na kinakailangan malaman ng guro ang kakayahahan, interes at nalalaman ng mga estudyante para maiangkop nito ang teknik na gagamitin sa pagtuturo.

Samantala panglimang isyu naman ang *pagkakaroon ng Fraternity at Sorority* na makikita PB serye 1, pahina 30, istrip bilang 118 ang panliligaw o pagre-recruit kay Tiny ng mga miyembro ng sorority, ipinaliwanag naman ni Mang Dagul ang pananaw niya sa Fraternity at Sorority:

> *Papa, nirerecruit ako ng Tai Ina Mhu Sorority, sasali kaya ako?*
>
> *Naku huwag Anak.*
>
> *Alam mo, kalokohan lang yang mga fraternity na iyan. Kunyari'y Brotherhood ang ininstil sa utak mo pero puro away at gulo ang nangyayari. Tingnan mo si Marcos at si Ninoy. Magbrod na Upsilonian yan pero hanggang sa kabilang buhay e nagsusuntukan pa rin.*

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na isinasagawa ito ng mga nakatatandang miyembro ng mga nasabing organisasyon ng mga estudyante. Hinihimok ang mga bagong saltang estudyante na sumama sa kanilang grupo sa pamamagitan ng paglalahad ng mga benepisyo tulad ng pagiging" in", maraming kaibigan, maraming tutulong kapag nangangailangan at iba pa dahil kasama sa by laws nila ang walang – iwanan. Isyung binigyan ng opiniyon ng ilang mga estudyante. Anila, ang sektor ng gobyerno tulad ng edukasyon at mga pamantasan ay nararapat magbigay ng kamalayan at mailatag ang mga posiboleng kahinatnan sa pagsali sa mga gayong uri ng kapatiran. Mahalagang magabayan ang mga estudyante, higit sa mga bagong salta, tungo sa pagbuo ng matalinong desisyon patungkol sa usaping ito. Dagdag pa, pananagutan umano ng sangay ng gobyerong nakatalaga rito ang pag-asksyon patungkol dito.

Pang-anim namang isyu ang *hazing* na mababasa sa PB serye 7, pahina 1 istrip bilang 2 mula sa dayalogo ni Bab sa mga miyembro ng isang frat na nagrerecruit sa kanya.

> *Kung noong araw e singsing lang ang tanda ng dangal sa fraternity ngayon e permanenteng tatak na sa katawan ang ginagawa*
>
> *Miyembro ka ng beta sigma no?*
>
> *Pano mo nalaman?*

*At kung noon ay simpleng whacking lang ang ginagawa sa initiation rites, ngayon ay daig mo pa ang dumaan sa concentration camp na pinamumunuan ni Aman Goeth*

*(buong katawan ni Bab ang nakabenda)*

*Nadapa lang Ma!*

Sa kabila ng pagpapatupad ng Republic Act 8049 (Tha Anti-hazing Law of the Republic of the Philippines), marami pa rin ang hindi sumusunod dito. Ilang balita na ang napanood at napakinggan kaugnay ng pagkamatay ng estudyante o mga estudyante dahil sa hindi nakayang pagpapahirap sa kanila ng mga masters o "matatanda" sa organisasyon. Mula sa mga estudyanteng nakapanayam, ang bilang ng mga nasasawi at mga naaabuso ang dahilan kung bakit napakahalaga ang pagagabay ng mga magulang, higit na ng mga paaralan at/o pamantasan. Kailangan pagtuunan ang patuloy na pag-iral nito sa edukasyon.

Nakapaloob naman sa PB serye 10, pahina 5, istrip bilang 2 ang isyu na *maraming bilang ng Drop out sa mga Estudyanteng Lalaki*

*Tingnan mo ako…noong bata pa ako e isinagad ko na ang pagiging barumbado ko…Dinadaan ko na ang lahat ng kalokohan para sa isang pasada na lang.Kaya ngayon, heto mabait na ako dib a?*
*So gusto mo akong matulad sayo, dropout at walang trabaho?*
*O, e ano naman ang masama don? babae nga naman e… e di magsawa ka*

Ipinakikita sa istrip na isa si Bab sa produkto ng drop out dahil na rin sa kanyang sariling dahilan. Inilahad ng Philippine Institute of Development Studies (2018) na mas marami ang bilang ng mga lalaking bumabagsak, drop out o nag-uulit sa elementary at sekondarya.

Ayon sa ilang mg gurong nakapalitan ng opinyon kaugnay dito, hindi mapagkakaila na mas marami ang bilang ng mga lalaking estudyante ang drop-out kaysa sa mga babae sa iba't ibang kadahilanan tulad ng pinansyal, maagang pag-aasawa, maagang responsibilidad gaya ng paghahanapbuhay at ang iba naman ay napabarkada. Higit na kapansin-pansin ang kakulangan sa interes ng mga kabataang lalaki sa pag-aaral. Dagdag pa ng mga guro, mas gugustuhin pa ng mga itong malaro ng dota sa kompyuteran kaysa humawak ng kwaderno sa silid-aralan.

Maituturing itong isyu pang-edukasyon na kailangang tugunan dahil ang mga lalaki ang higit na kailangan sa lakas paggawa. Mas mataas ang magiging porsyento ng unemployment kapag karamihan sa kanila ay hindi nakapag-aral o hindi nakapagtapos.

Pangwalong isyu naman ay ang *Social Strata/ Pagkakahati-hati sa pagitan ng Mayaman at Mahirap* na makikita sa PB serye 6, pahina 49, istrip bilang 162:

*Ate, anong ibig sabihin ng D.S.T?*
*Daylight saving time, inaatras ng isang oras ang mga relo,*
*Madalas ay dalawang buwan ginaganap ito tapos ay D.O.T na*
*D. O. T?*
*Dating Oras Tanga*

Malinaw na inilalahad sa dayalogo, hindi man direkta, ang kaibahan ng mayaman at mahirap pagdating sa edukasyon. Tumutugma ito sa sanaysay ni Meinardus (2003) na "Education has become part of the institutional mechanism that divides the poor and the rich (mula sa isang Kolumnistang Pinoy).

Salat sa karunungan si Brosia dahil hindi nakapag-aral, kaya nagtatanong kay Tiny na kanyang amo. Mulat ang karamihan sa kaisipan na higit na may oportunidad sa edukasyon ang mga kabilang sa mga nakaangat tulad ni Tiny na kabilang sa midde class society samantalang laging naiiwan o hindi makapag-aaral ang karamihan sa mga below average na pamilya.

At pangsiyam naman ang *Taun-taong Pagtaas ng Tuition Fee* na makikita sa PB serye 10, pahina 122, larawan bilang 16 inilahad ang lantarang pagbatikos sa CHED at DECS (DEPEd na ngayon) dahil walang kakayahan o walang ginagawang aksyon upang tutulan o patigilin ang patuloy na pagtaas ng tuition fee taon-taon.

Sa perspektiba ng mga estudyante, talagang pasakit ang patuloy na pagtaas ng babayarin sa paaralan. Higit na ramdam ito ng mga hindi pinalad sa buhay. Hindi abot kaya ang edukasyon kaya marami ang napipilitan na lamang maghinto. Tila ba ang edukasyon ay para lamang sa may mga kakayahan sa buhay at nawawalan ng karapatan ng mga mahihirap na makatamasa ng edukasyon. Sa katunayan, ang mamababang tuition fee ang pangunahing sigaw ng mga estudyante at magulang sa gobyerno.

*Pang-ekonomiya*

Maliban sa inilahad ni Meinardus (2003) na ang brain drain ay krisis pang-edukasyon, tinatalakay din na isa itong krisis pang-ekonomiya kasama ng kakulangan sa gasolina o pagkain, hoarding, kahirapan, underemployment at unemployment.

Una sa isyung pang-ekonomiya ang *Brain Drain* na makikita sa PB serye 1 pahina 15 istrip bilang 59 ang pagpapaalam ni Kules sa kanyang mga kaibigan dahil mangingibang bansa siya upang magtrabaho roon. Isang inhinyero sa Pilipinas ngunit nangibang bansa para sa mas malaking sahod. Batay sa artikulo ni Meinardus (2003), "apart from the much depaled political,

social and psychological aspects, this ongoing mass emigration constitutes an unparalleled brain drain with sensus economic implication", dahil sa pagigibang bansa ng mga globally competitive worker" ng mga Pilipino, nawawala ang oportunidad na mapaangat ang sariling programa o produkto ng Pilipinas kahit na sabihing nakatutulong ang mga ito sa pagpasok ng dolyar sa bansa.

Ayon sa mga nakapanayam, ang paglabas ng bansa ang isa sa mg tinitignang sagot ng mga Pilipino upang makatakas sa pang-ekonomiyang problema sa bansa. Ang mga estudyante, sa halip na mangarap makapagtrabaho sa sariling bansa ay naiimpluwensyahan mangibang bansa upang roon manirahal. Ang dahilan ay mababa ang pasahod. Ayos lamang umano kahit hindi na magamit ang pinag-aralan ang mahalaga mataas ang pasweldo.

Kung patuloy itong mangyayari ay mauubusan ng mahuhusay na manggagawang Pilipino ang bansa. Isyung kailangang bigyang pansin ng gobyerno.

Pangalawang isyu naman ang *kakulangan sa Gasolina o Pagkain* na makikita sa PB serye 2 pahina 34, istrip bilang 103. Batay sa istrip, inilahad na may kakulangan sa gasolina at/o pagkain, lahat ay may kani-kanyang plano maliban kay Senator Cabalfin na hindi apektado sa suliranin dahil sa senator nga ito.

Kamakailan lang ay pabagu-bago ang presyo ng petrolyo sa merkado. Madalas ang pagtaas nito dahil na rin sa inilahad ng mga kinauukulan na may kakulangan hinggil dito dahil na rin sa pandaigdigang krisis pang-ekonomiya. Samantala, isang kabalintunaan na maituturing na ang bansang agrikultural na kinikilala sa Asya bilang may malawak na lupaing agrikultural, ang Pilipinas, ay umaangkat ng bigas mula sa Indonesia, Nigeria at Iran kaugnay ng kakulangan dito.

Gaya ng nakasaad sa komik strip, umaalma rin sa presyo ang mga guro at estudyanteng nakapanayam kaugnay sa isyung ito. Patuloy umanong tumataas ang presyo ng mga bilihin. Anila, malinaw na naisalarawan sa komik strip na ito ang kalalagayan ng mga Pilipino sa usapin ng pagtaas ng presyo ng mga biilihin sa merkado. Ang mga nakatataas umano o nakaaangat sa buhay, higit na ang mga nakaupo sa gobyerno ay hindi umaaksyon patungkol dito sapagkat hindi nila nararamdaman ang bigat na dala nito sa mga Pilipinong kapos sa buhay.

Pangatlong isyu ay ang *Hoarding.* Kung susuriin ang PB serye 3, pahina 27, istrip bilang 100:

> *hello, Mauricio Tang?..imbestigador ako ng consumer protection bureau..*
> *Binabasa ko itong inventory mo..400 cavans of rice 250 sacks of sugar, 1500 cans of sardines..hoarder ka noh?*

*Ano hoarder pinakasasabi mo dyan?Akyen stock u-ubos i-sa lingo lang!*
*Bakit san ba located tindahan mo?*
*Sa Pugad Baboy..*
*Kaya naman pala e..*

Nakalahad dito ang pagtatago ng pagkain o paninda ng karamihang negosyante dito sa Pilipinas lalo na ng mga Intsik at bilang hakbang sa isyung ito nagsagawa ng pagsalakay sa mga warehouse ang mga kinauukulan na umaasang makatutulong para masolusyunan kung hindi man ay mabawasan lamang ang suliraing ito.

Samantala, nakapaloob din sa PB serye 5, pahina 37, istrips 106 ang pag-amin ng isang ulilang Pilipino na siya ay nasangkot sa hoarding dahil kinailangan niya ito upang mabuhay.

Sa isyung ito, ang mga kinapanayam ay sumasang-ayon sa pag-iral ng hoarding sa Pilipinas. Ang bagay na ito ay talamak na umiiral sa bansa. Nailahad sa komik istrip ang maduming kalakaran umiiral sa mundo ng business o negosyo sa Pilipinas. Kinasasangkutan ito ng parehong mga dayuhan at Pilipinong negosyante. Dagdag pa ng mga nakapanayam, gaya umano sa komik istrip, ang aksyon ng gobyerno ay hindi sapat upang matugunan ang paglaganap nito.

Sa kabilang banda, inilahad naman sa PB serye 6, pahina 15 ang isyu ng sa *kahirapan o panlilimos ng mga batang lansangan*;

*Maaawa na po kayo sa bulag*
*Kung talagang bulag ka e ano itsura ko?*
*Pangit ho kayo*
*Bulag nga to honeycurred bigyan mo ng sampu*

Inilahad sa artikulong Social Issues in the Philippines (2009) na ang kahirapan ang isa sa matinding problemang kinahahrap ng Pilipinas. Batay sa ulat ng National Statistics Office (NSO, 2000) sa artikulong ito, umabot na sa 5.1 milyon na Pilipino na ang maituturing na mahirap dahil hindi nakasasapat ang kanilang kita para sa kanilang pangunahing pangangailangan. Maiuugnay rin dito ang pagkakaroon ng mga batang lansangan na ayon sa ulat ng End Child Prostitution in Asian Tourism (EPCAT) marami ang mga mandurukot at namamalimos na batang lansangan at sa 60,000 na mga batang ito ay biktima na rin ng prostitusyon.

Isa ito sa mga isyung hindi maikakailangang umiiral sa bansa. Sa pahayag ng ilang guro at pag-aaral, talamak sa Pilipinas ang pagpapalimos sa mga batang lansangan. Kaliwa’t kanan at san man tumingin ay mayroong mga batang lansangang nanghihingi ng limos sa dumaraan, naghihintay ng lalabas

sa costumer sa mga fastfood chain at kumakatok sa mga pampasaherong sasakyan. Dagdag pa, matatandaan na mayroong panahon sa mundo ng pelikula na palagiang paksa ang pandurukot sa mga bata upang paghanap-buhayin sa lansangan. Halos lahat ng midya ay laman ang patuloy na umiiral na isyung ito. Walang pagdadalawang isip na ang komiks istrip na ito ay sumasalamin o naglalarawan sa tunay na pangyayaru kaugnay sa isyung pang-ekonomiya ng bansa.

Panlima sa isyung pang-ekonomiya ang *underemployment.* Maiuugnay ang usapinng mismatch at unemployment sa isyung ito. Ipinapakita ng dayalogo sa serye 10, pahina 6, istrip bilang 7 ang pagpapayo ni Bab kay Jolen na kumuha na lamang siya ng pagkaguro at hindi ang pagka-Arkitekto paglaki niya dahil walang trabaho ang mga arkitekto sa Pilipinas samantalang kapag guro ka maaari kang maging kasambahay sa Hongkong.

Batay sa aklat nina Cariño at Peñaloza (2004), sa Pilipinas na karaniwang ang mga tao ay kabilang sa marginalized group, hindi na nakapagtataka na karamihan sa mga salesgirl at empleyado ng mga department store ay nagtapos ng apat na kurso. Karamihan sa kanila'y hindi ginagamit ang pinag-aralan ng apat na taong pagkuha sa kursong tinapos dahil sa kaisipan na "ayaw matambay". Pinatutunayan lamang ng pangyayaring ito na may nagaganap na under-employment sa bansa.

Ayon sa mga nakapanayam, hndi umano ito bagong isyu sa bansa. Napakaraming nakapagtapos ng kolehiyo na pumapasok sa trabahong malayo sa kanilang tinapos na kurso. Walang oportunidad ng magandang trabaho sa Pilipinas. Ang iba ay napipilitang na lamang magtrabaho sa propesyong malayo sa tinapos sa eskwela. Isa pa, kung may oportunidad naman umano ng posisyon at trabahong akma sa tinapos na kurso ay hindi naman makatarungan ang pasahod. Malaki pa kung minsan ang sweldo ng call center kaysa sa nauuwing sweldo ng mga guro. Nawawalan ng saysay ang ilang taong iginugol sa edukasyon dahilan ng isyung pang-ekonomyang ito ng bansa.

Samantala ang *unemployment* naman ang isyung pang-anim na makikita natin mula sa PB serye 10. Pahina 5 istrip bilang 2. Ipinakikita sa dayalogo na walang trabaho na maiututuring si Bab dahil hindi sya nakapagtapos.

Mulat ang mga Pilipino sa katotohanan na maraming mga Pilipino ngayon ang walang trabaho. Batay sa Balita, taon XXXIV bilang 72, pub006, p. 3, "Tumaas ang bilang ng mga Pilipinong walang trabaho, 7.5 porsyento mula sa 7.3 porsyento noong 2009 batay sa inilabas na unemployment data for 2010 ng National Statistics Office noong ika-8 ng Pebrero 2011.

Idinagdag pa rito, "ang jobless rank ng Pilipinas ay kabilang sa pinakamataas sa Southeast Asia", patunay na maraming mga Pilipino ang nananatiling walang trabaho sa kasalukuyan.

Ang isyung ito ay hindi na kailangang pagtaluhan pa. Hindi lingid sa kaalaman na ang Pilipinas ay isa sa pinakamahirap na bansa sa buong mundo. Kabilang ito sa mga bansang itinuturing na third world country. Sa opinyon ng mga guro at mga mag-aaral, ang komik istrip na ito ay sumasalamin sa kalalagayan ng mga Pilipino at estado ng Pilipinas kaugnay sa usaping pang-ekonomiya. Nakapag-aral man o hindi, maraming bilang ng Pilipino ang unemployed subalit higit na mas hirap humanap ng trabaho ang mga walang pinag-aralan dahil sa sobrang taas ng kwalipikasyon ng mga employer at kumpanya sa kabila ng napakababa pasahod nito.

*Pampulitika*

Una sa mga isyung pampulitika ang kurapsyon (Pangongotong). Mababasa sa PB serye 1, pahina 62 istrip bilang 249 ang pasimpleng pangongotong na ginagawa ni Patrolman Durugas, batay sa kanyang dayalogo nang inaabutan siya ni mang Dagul ng limampung piso para sa kanyanng violation, "pero…hmmm..hindi pa ako nakakita ng dalawang litrato ni Manuel Roxas". Hindi man direkta, patunay na siya ay nangongotong o humihingi ng kabayaran katumbas ng pag-aabswelto nito sa violation ni Mang Dagul.

Ayon sa 2002 sarbey ng itinala ng Hongkong-based Political and Economic Risk Consultancy (PERC), ang Pilipinas ang itinayang pang-apat na bansang-corrupt sa buong Asya gayundin sa ipinalabas na resulta ng sarbey ng Transparency International o IT na sa 102 na bansa pang-77 ang Pilipinas bilang pinaka-corrupt na bansa. Pinatutunayan lamang ng mga datos na ito na talamak ang korapsyon sa Pilipinas.

Sa usaping ito, lahat ng nakapanayam ay lubos na sumang-ayon sa pag-iral ng pinalulutang na isyu ng korapsyon sa komik istrip ng PB. Ayon sa mga ito, napakatagal ng umiial ang kurapsyon sa bansa. Mula sa mga alagad ng batas hanggang sa mga pinakamalaking kaso ng kurapsyon tulad ng mga pagbubulsa ng pera ng bayan ng isang senador, congressman, presidete at iba pa ay talammak na umiiral sa bansa. hindi mapagkakailang naglalahad at nagsasalaysay ng realidad ang komik iskrip ng PB kaugnay sa usaping ito.

Pangalawa naman ang *Pandaraya tuwing Eleksyon* sa mga isyung pampulitika. Nakapaloob sa istrip ang paggamit ni Senator Cabalfin sa pondo ng gobyerno para sa pansariling kapakanan, ang pananaliksik sa mga kahinaan at kabulukan ng kanyang magiging kalaban.

Bawat eleksyon sa iba't ibang tao at panahon, makikita ang ganitong tradisyon ng eleksyon, batuhan ng mga kabulukan kung hindi man ay patayan. Nakapaloob sa *Social Issue of the Philippines* ang pagkakaroon ng *violent elections.* Tunay na maraming pangyayari tulad ng suntukan, saksakan o mismong patayan ang tuwing sumasapit ang eleksyon.

Pansinin ang serye 10, larawan 2, pahina 108 para sa ibayo pang pagpapaliwanag.

Makikita sa larawan na ito ang usapin hinggil sa "Operasyon-Dagdag-Bawas" na isinagawa umano ni Juan Ponce Enrile para maipanalo ang *senatoriable seat* laban kay Aquilino Pimentel. Mahihinuha mula sa larawan na may mga pandarayang nagaganap tuwing eleksyon hindi man direkta ang mga taong nabanggit sa larawan ang pinatutungkulan ngunit totoo na may ganitong isyung kasangkot ng eleksyon batay na rin sa mga obserbasyon at pagbabasa ng mananaliksik. Ayon din sa mga nakapanayam, ang pandaraya sa eleksyon ay haos normal na lamang sa Pilipinas. Hindi na umano ikinagugulat ang mga gayong insidente at hindi na inaasahan ng mga mamaamayan ang malinis na eleksyon dahil sa talamak na ito sa bansa sa tago man o lantad na paraan.

Pangatlo naman ang "*Gambling" o Pagsusugal ng mga Namumuno* Mababasa sa dayalogo nina Mang Dagul at ng Kalihim ni Senator Cabalfin na, hindi raw maaaring istorbuhin ang huli dahil may "delicate issue" di umano silang pinagtatalunan ng adviser niya ngunit makikita natin na isang paghahanda pala ang ginagawa nila para sa pagsusugal.

Gagamba ang ginamit na materyal ni Apolonio para matawa ang mga mambabasa, ngunit nagpapakita pa rin ito ng gawi ng pagsusugal. Nakapaloob sa artikulo ni Rollens (2010) "the Philippines currently trends in the Far East, where gambling laws are becoming less restrictive". Mahihinuha rin sa artikulo na *Gambling on the Philippines, Filipino Betting Information* na maraming legal na sugal dito sa Pilipinas tulad ng casino, poker sa Cebu, online gambling sa Cagayan Freeport, cockfighting/sabong at horse racing sa Sta. Ana.

Ang isyung ito ay hindi tinanggi ng mga nakapanayam. Lantaran umano itong umiiral sa bansa. Napakatalamak ng illegal na sugal sa mga Pilipino. Nasa kultura na ito ng mga Pinoy. Ang ilan ay libangan. Para naman sa ay iba adiksyon na maaaring magsangay sa marami pang uri ng isyung panlipunan. Sa mga kabataan, maaari umano itong magresulta ng drop-out udyok ng pagkalulong. Maaaring magresulta rin ng krimen tulad ng pagnanakaw para may maipangtustos sa kinaaadikang sugal. Gayon din, unemployment at iba pa. katunayan lamang ito na ang inilalahad sa komik iskrip ng PB ay respresentasyon mula sa tunay na kaganapan at kalagayan ng mga Pilipino.

Samantala ang *nepotismo* naman ang pang-apat na isyung pampulitika. Ipinakikita ng PB serye 4, pahina 74 istrip bilang 270 na umiiral pa rin sa Pilipinas ang nepotismo at isa ito sa maibibigay na dahilan ng korupsyon.

Inilahad ni Mrramon (2010) na, *"Nepotism is favoritism granted to relatives or friends regardless of merit."* Madalas makikita ang isyung ito sa trabaho kaugnay ng mga pulitiko. Samantala inilahad naman ni Taberna (2010) sa kanyang artikulo na PDEA Chief Accused og Nepotism ang hinggil sa pagkakatalaga ni chief Dionisio Santiago, sa anak na si Mylyn Santiago bilang Disbursing Officer ng PDEA noong 2008.

Sa mga nakapanayam, halos lahat ay sumang-ayon sa pag-iral ng isyung ito. Hindi lamang ito lantarang makikita sa kongreso o senado kundi maging sa baranggay at maliit na bayan ay talamak ang pag-iral ng pasahan ng kapangyarihan. Para sa ilan, ayos lamang ang gayong sistema subalit marami ang hindi sang-ayon dito. Ang tiyak lamang ay hindi bagong bagay ito sa mundo ng pulitika kng saan malinaw na nasalamin ng ni Pol ang isyung ito sa kaniyang komik iskrip.

*Pansosyal na Isyu*

*Panlalamang sa Kapwa* ang unang isyung pansosyal na makikita natin sa PB serye 1, pahina 6, istrip bilang 23:

*Sadik, this watch I brought from you turned my wrists green. I thought you Arabs don't sell fake gold. This is fake!*
*That's okay I am also a fake Arab, naisahan kita ano tsong?*

Hantad sa dayalogo nina Adre at ng kausap na Pilipinong nagpanggap na Arabo sa panlalamang na ginawa nang huli sa pagbibenta ng relo. Batay rin sa sinabi ng nakapanayam ng mananaliksik na dating OFW mula sa Saudi, "mas mapagkakatiwaalan mo pa ang hindi mo kababayan dahil mas may posibilidad pa na kababayan mo ang magnakaw at manloko sa iyo". Halos ganito rin ang sinabi ni Royama (2006), isang OFW sa Singapore "…overpricing as in to the highest level ang presyo! tawad!tawad!halos wala ngang kitain binabarat parin hay! Tapos pagbebenta ng pekeng bagay!...hindi lang tayo narito para kumita ng pera let's promote good values of Filipino din. Well ipakita natin sa buong worldwide universe na tayong mga Pilipino ay maabilidad, madiskare at hindi nagwa123 o nanggagancho! sa totoo lang ang panlalamang ay masasabi nating pagnanakaw.." May hawig ang talatang ito mula kay Royama sa istrip sa taas, "panlalamang ng kapwa Pilipino sa kapwa nito".

Maituturing na bahagi na ng kulturang Pilipino ang "crab mentality" o panghihila pababa ng Pilipino sa kapwa Pilipino. Lahat ng mga nakapanayam ay may kani-kaniyang bersyon nito at lubos na sumasang-ayon na umiiral ang hindi kaaya-ayang kaugaliang ito sa mga Pinoy.

Sumunod naman ang *drug trafficking* na makikita sa PB serye 5, pahina 39 istrip bilang 155.Sa dayalogo sa istrip na ito,nakapaloob ang lantarang pagbibenta ng pusher ng shabu na parang nagtitinda lang ng kendi sa lansangan.

Batay sa sarbey na isinagawa ng International Narcotics Control Board (1998), ang shabu ang pinakanaaabusang droga sa Pilipinas. Inilahad din ng Anti-Narcotics Group of the Philippine National Police na umabot na sa 1.8 milyong Pilipino ang nasangkot sa usapin ng droga at kamakailan lang batay sa 2011 International Narcotics Control Strategy Report na inilabas noong ika-3 ng

Marso 2011, ang Pilipinas, lalo na ang Manila ang nangunguna pa rin sa human and drug trafficking, kurapsyon at *investment scam* sa buong mundo. Idinagdag pa rito na, "As of August 2010, a total of 626 Filipinos have been arrested for drug trafficking offenses in other countries", pinatutunayan na nananatiling isyung pansosyal ng Pilipinas ang drug trafficking resulta narin ng mahinang pagpapatupad ng batas, mabagal na imbestigasyon at walang magandang ugnayan ng mga ahensya na nakapagpapabagal sa paglutas nito.

Maipaliliwanag ito ng dayalogo sa ibaba;

*Rape DEATH (mahirap)*
*Murder Death (mahirap)*
*Drug trafficking, murder, rape, prostitusyon etc (mayaman ang suspek)*
*DET DEPENDS*

Makikita sa serye 10, pahina 88, istrip bilang 181 ang usapin ng hindi pantay na pagtingin ng batas sa mga Pilipinong may kinahaharap na kaso. Mahihinuha mula rito ang pagkakaroon ng diskriminasyon ng mayaman at mahirap sa pagpataw ng batas ng parusa sa mga sangkot sa krimen. Sinang-ayunan ng mga nakapanayam ang mensahe sa istrip. Ayon sa kanila, maraming mayamang mamamayan ang nadadawit sa malalaki at karumaldumal na mga krimen subalit hindi nakataanggap ng nararaman na parusa dahil sa koneksyon at salapi. Nahuhuli ang mga mahihirap, ang mga kumapit sa patalim dahil sa kakapusan subalit nananatiling nakubli ang mga mukha ng mga mayayamang nasa likod ng patuloy na pagtutulak at paggamit ng drugo sa bansa. Hindi natutulas ang problema ng druga sa bansa saagkat hindi tinitignang suspek ang mga mayayaman. Kulang umano ang gobyerno sa aksyon.

Pangatlo naman ang Prostitusyon na sa nakapaloob sa PB serye 6 pahina 57 istrip bilang 176. Inilalarawan at isinasalaysay rito kung sino ang kadalasan at paano nasasangkot ang ilang mga Pilipino sa prostitusyon. May kani-kaniyang pamamaraan ang bawat sindikato para makakuha ng biktima.

Kaugnay parin ng artikulong "Social Issues in the Philippines", inihayag ng Gabriela na halos 400, 000 na Pilipino ang nagtrabaho bilang prostityut simula noong 1998 at batay rin sa UNICEF, umabot na sa 60,000 naman sa mga batang Pilipino ang nagkaroon ng ganitong trabaho simula 1997, lalaki o babae. Pinatutunayan lamang ng mga datos na isa ito sa isyung dapat bigyan nang higit na pansin ng pamahalaan lalo na at kabataan ang kasangkot dito.

Ang isyung ito ay hindi maikakailang umiiral sa bansa dahil sa kaliwa't kanang balita kaugnay sa prostitusyon. Mula sa pakikipanayam, tulad ng isyung pamamalimos ng mga batang lansangan na pauna ng natalakay, ang prostitusyon ay kinasasangkutan din ng mga sindikato sa parehong hangaring pagkakitaan ang mga dinukot na indibwal. Lagap ito sa Pilipinas, higit sa Metro

Manila. Ang mga biktima ay kadalasang mula sa malalayong probinsya na biktima ng kidnapping o mga panlolo.

Panghuli naman sa pansosyal na isyu ang "Kidnapping" na mababasa sa PB serye 5, pahina 61 istrip bilang 189:

*KIDNAP ITO!*
*Kidnap ka rin eheek!aaayyy. Teka bakit niyo kami kinikidnap?Di ba mga Chinese lang kinikidnap niyo?*
*Hindi pwede, mga pulis lang ang pwedeng kumidnap sa mga Imtsik!*
*Bakit hindi ba kayo mga pulis?*
*Mga traffic aide palang kami e*
*Aprentice gyud*

Ipinakikita sa mga dayalogo sa istrip na may kidnapping na nagaganap sa Pilipinas. Ayon sa artikulong, "Kidnapping in the Philippines" (Bali, Indonesia, January 19-20, 2004), Sa taong 2013, 107 ang natalang biktima ng kidnapping sa bansa at 71 o 86% ng kabuuang bilang ng naitalang insidente ay naganap sa Luzon at Visayas. Ang mga salarin ay grupo ng mga kriminal at mga kawatan. Samantala, 11 hanggang 14% naman ang tinatayang naitalang insidente ng kidnapping na salarin o suspek ay mga teroristang grupo tulad ng MILP at MBG. Pinatutunayan lamang ng talata ang patuloy na pag-iral ng kidnap for ransom sa Pilipinas, higit na sa mga teritoryo ng Luzon at Visayas. Gayon din ang opinyon ng mga nakapanayam, ang istrip na ito ay isang napapanahong usapin sapagkat laganap ang kidnap for ransom sa bansa. Malay ang mga nakipanayam sa pag-iral ng kidnapping sa bansa bagaman wala pang aktwal na nasaksikan ang mga ito dahil sa kaliwat kanang balita ang mabilis at patuloy na pagtaas ng kaso ng kidnapping. Dagdag pa, mula sa kanilang hinuha, tunay umano na ang mga may katungkulan pa sa gobyerno at may mga kapangyarihan ang nasa likod ng talamak na pag-iral ng kidnapping sa bansa. Hindi na nakapagtataka sapagkat ang kapangyarihan ay madalas abusuhin ng mga napaupo sa pwesto ng taong bayan.

*Mga Kultura ng pamilyang Pilipino na nakapaloob sa serye Una hanggang Sampu ng Pugad baboy*

*Pagkakabuklod-buklod ng Pamilya o "Close Family Ties"*

Likas sa pamilyang Pilipino ang pagkakaroon ng "bonding moments" kahit sa anong uri ng pamumuhay mayroon sila; mayaman, katamtaman o mahirap. Makikita sa dayalogo nina Mang Dagul at Tiny ang pagkakaroon ng palitan ng biro at ideya hinggil sa pangingibang bansa ni Tiny. Ang mga tagpong ito sa pamilya ay nagpapakita ng pagkakaroon ng magandang samahan sa bawat miyembro nito. May pagkakataon din na lumalabas o nagbabakasyon ang pamilyang Pilipino (kasama ng iba pang miyembro ng

pamilya pati na rin kapitbahay) bilang pagsasaya. Makikita natin ito sa iba pang serye ng "Pugad Baboy" tulad ng sa serye 4 partikular sa pahina 16 hanggang 18, pahina ng Lubang Island at Hiwaga ng Duenas at sa iba pang serye sa paksa na Baguio Connection.

Nakapaloob din sa close family ties ang kultura ng pagpapasakop ng ina sa kanyang asawa udyok ng likas na relihiyosong kultura ng mga Pilipino. Ayon sa pag-aaral ni Capuno, J. et al. (2013), "The family dynamics in the Philippines provides an interesting case study because of the inherent qualities that encompass the typical Filipino family. While no one single value is representative of the common family values of the Filipino, the distinct ones that seem shared by most are: family-centeredness, being child-centric, having close ties characterised by reciprocity, and large family size (Medina, 2001; Miralao, 1994)."

Ipinakikita ng dayalogo mula sa serye 6, pahina 25 at istrip bilang 80 ang pananatili ng bukas na komunikasyon sa miyembro ng pamilya dahil kahit na sa ibang bansa si Kules gumagawa pa rin siya ng paraan para makapag-ugnayan sa mga magulang at ito ang isa sa mga patunay na bahagi ng kultura ang pamilyang Pilipino ang pagkakabuklod-buklod.

Sinang-ayunan ng mga nakapanayan na ang istrip ay sumisumbolo ng kultura ng pamilyang Pilipino. Likas sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng magandang ugnayan ng pamilya. Sa kabila ng pangingibang bansa ng isa o ilang miyembro ng pamilya, napapanatili pa rin ang magandang samahan dahil na rin sa pagkakaroon ng bukas na komunikasyon sa tulong na rin ng teknolohiya. Dito napatutunayan na hindi kailanman hadlang ang layo o distansya sa isa't isa para manatiling matatag ang pundasyon ng relasyon ng bawat pamilyang Pilipino.

*"Family Reunion" o "Family Outing"*

Maliban sa paglabas o pagkakaroon ng buong pamilya, bahagi rin ng kulturang Pilipino ang pagkakaroon ng pagtitipon lalo na kung Pasko, Bagong Taon, mga piyesta, pagdiriwang ng kaarawan, kasal at iba. Nakapaloob naman sa artikulong The Life O Filipino ang, "During especial occasions, we (Filipino) make extra efforts to gather and celebrate," nangyayari ito madalas tuwing araw ng pasko, bagong taon, kasal o maging sa mga simpleng kaarawan.

Isa ang kaugaliang ito sa lumulutang na kaugaliang taglay ng bawat Pilipino. Mula sa mga nakapanayam, sinasalamin ng komik istrip ang kultura ng pamilyang Pilipino. Hindi kompleto ang okasyon kapag hindi kompleto ang buong angkan. Dagdag pa, lahat ay nagmimistulang family reunion sa dami ng bilang ng pamilya. Lahat ng idinaraos ay enggrande. Kaugalian na ng mga Pilipinong paglaanan at paghandaan ang bawat paparating na okasyon. Mahirap man o mayaman, enggrande man ang handa o simpleng mga putahe lamang ay ayos lang. Ang mahalaga sa mga Pinoy ay makapagsama-sama.

*Pagpapahalaga sa bawat Miyembro ng Pamilya*

Makikita sa PB serye 9 pahina 27 istrip bilang 89 ang pag-aalala ni Mang Dagul kay Utoy. Kultura ng pamilyang Pilipino ang pagbibigay ng mga tuntunin sa loob ng tahanan na karaniwang ibibigay mismo ng padre de pamilya ang pag-uwi nang maaga ng mga anak ang karaniwang halimbawa nito. Kung hindi ito nasunod tiyak na may kasunod na kaparusahan. Ang pag-uwi ng gabi ng sinumang miyembro ng pamilya ay nakapagdudulot ng kabalisahan sa mga naiwan o nakauwi na sa tahanan.

Hindi naiaalis sa kultura na pamilyang Pilipino ang pagiging extended nito. Ayon kay Nadeau (2011), *"... [filipino] household tends to be nuclear in form but the family is extended in so far as relationships between members of the wider kin group are concerned... The family household may include grandparents, an unmarried aunt, an uncle or a cousin, a niece or nephew."*

Mahihinuha rin sa dayalogo sa PB serye 5, pahina 62, istrip bilang 197 na ganoon na lamang ang pagpapahalaga ng pamilyang Pilipino sa bawat miyembro ng pamilya. Madalas ituturing ng bahagi ng pamilya ang mga kasambahay ng mga pamilyang Pilipino sa katanuyan, kung ano ang trato sa mga pinsan halimbawa o anak mismo ay ganun din ang trato sa kanila.

Sang-ayon ang mga nakapanayam na guro at ilang mag-aaral kaugnay sa istrip na ito. Pinalulutang ng istrip ang pagpapahalaga sa bawat membro ng pamilya at pagkakaroon ng extented family ng mga Pilipino. Likas na kultura ng mga pinoy na hindi lamang nagtatapos sa ama, ina at anak ang depinisyong ng pamilya kundi ang malalayong kamag-anak at maging hindi kadugo ay ituring na bahagi ng pamilya. Hindi na rin bago sa mga pinoy ang “pagkupkop” ng hindi mga kadugo.

Samantala pinatutunayandin ng sa dayalogo ni Barbie sa PB serye 10, pahina 12, istrip bilang 26 na lubos niyang pinahahalagahan ang kanyang ina, dahil handa nitong paglingkuran kasama ang kanyang asawa na si Tomas. Sa pamilyang Pilipino, kulturang maiututuring ang pag-aalaga sa mga “nakatatanda”. Isa ito sa kultura ng pamilyang Pilipino na kaiba sa Kanluraning bansa.

Hindi naman tinanggi ng mga nakapanayam na guro ang gayong pag-iral na kaugalian ng mga Pilipino. Ang ilan ay tinitignan itong hindi magandang kaugalian at ang ilan naman ay itinuturing itong magandang kaugalian ng mga pinoy. Sa kabila ng pagkakaraon ng sariling pamilya, hindi maaalis sa ibang pinoy ang higit na pagkiling sa mga magulang. Kung minsan, higit na mas mabigat pa rin ang dugo kaysa sa kanino man. Matibay itong sumisimbolo ng pagiging family centered/oriented ng mga Pilipino.

*Kuya at Ate bilang Nanay at Tatay*

Nakapaloob sa kulturang Pilipino ang pagkakaroon ng substitusyon kapag wala sa tahanan ang nanay at tatay. Ang panganay na babae ang

kadalasang umaako sa gawain ng nanay at ang panganay na lalaki naman ang kumikilos na tatay kapag wala ang padre de pamilya at ang mga Tito o Tita naman ang nagsisisilbing mga magulang kung kapwa wala ang nanay at tatay.

Nailarawan at nabanggit sa dayalogo nina Bab at Tita Cel sa PB serye 10, pahina 7, istrip bilang 8 ang tungkulin ng nauna sa kanyang nakababatang kapatid na si Jolen, siya ang magsisilbing tatay maliban sa pagiging Kuya sa kanyang kapatid kaya nararapat lang na naging ehemplo dapat ito.

Ang senaryong ipilulutang sa istrip ay malinaw na makikitang umiiral sa pamilyang Pilipino. Kadalasan ay OFW o pangingibang bansa ang hanapbuhay ng mga pinoy kaya napipilitang ipaako sa ibang membro ng pamilya ang responsibilidad na naiwan sa tahanan. Ayon sa mga nakapanayam, normal na lamang ang gayon sa mga Pilipino. Maliban sa hirap ng buhay, kaugaliang pinoy na ang magtulungan. gaya ng nabanggit ng isang nakapanayam na mag-aaral kung saan siya ang nag-aalaga sa kaniyang pamangkin kapag pumapasok o may ginagawa ang ina at ama nito.

Istilo ng Awtor

Isang satirikong akda ang komiks na Pugad Baboy. Mapapansin sa bawat dayalogo sa mga istrip na may tuwirang pagpapatawa para magbigay ng aliw ngunit sa malalim na pag-unawa, malalaman mo na may nakatagong argumento o isyu na tinalakay sa paraang panunuya. Kakaibang katangian ng satiriko ang patatawanin ka muna bago ka pag-isipin. Halos ganito rin ang sinabi ni Dr. Pascual ng Wesleyan University-Philippines resulta ng pakikipanayam *“…isang satirical comedy ang Pugad Baboy pero sa bandang huli mo mararamdaman ang latay nito”.*

Pumatok ang satirikong lapit ng komiks ni Pol sa mga Pinoy sapagkat ayon kay Ancheta: *"We note that the characters themselves are not laughing when they engage in conversation; the conversation itself is not the joke. It is when we the readers read the exchange within the context of a multiple world—our world, the Pugad Baboy world, and global culture—do we “get the joke.”... We laugh because we ourselves are part of the Pugad; we are ourselves inhabitants of the “nest.”*

Nakakokonekta ang mga mambabasa sa dayalogo at kwento ng komik istrip ni Pol dahil ang mga mambabasa ay ang sinasalamin ng mga karakter sa mundo ng Pugad Baboy. Tiniyak ng awtor na napapanahon at abot ng mga Pilipino ang kwento sa pamamagitan ng paggamit ng maka-Pilipinong lapit sa pagpapalitan ng dayalogo ng mga karakter sa kwento. Sa kabila ng hindi tuwirang pagtalakay sa mga isyu ay nakukuha ng mga mambabasa ang nais palutanging usapin batay lamang sa kakapurit na dayalogo at guhit na larawan. Sa madaling salita, tunay na pangmasa. Hindi na nahirapan pang ipakilala ni Pol ang mga karakter sa kaniyang istrip sapagkat tuwirang sinasalamin ng mga

karakter sa kwento ang lipunang Pilipino kabilang na ang mga mambabasa. Maliban sa komiks creator si Pol, isa rin siyang mamamayang Pilipino kaya nabigyan nito ng malinaw na representasyon ang pagsilip sa lente ng mamamayang Pilipino patungkol sa pakikisangkot sa mga isyung panlipunan.

May natural na satirikong kaugaliaan ang mga Pilipino, istilong ginamit ni Pol sa kanilang obra. Isang rason upang magkaroon ng *instant connection* ang may akda at mga mambabasa sapagkat namumuhay ang mga ito sa iisang lipunang mayroong parehong kultura, danas at karanasan. Nakabuo ng matatag na relasyon si Pol sa mga mambabasa dahil parehong lente ang kaniyang pinanggagalingan at ng madla. Hindi na rin kinakailangan pa ng mahabang dayalogo. Sa simpleng banat lang, nakakaunawaan na ang mga Pilipino. Nagtatagpo ang satirikong kaisipan ni Pol at satirikong kaugalian ng masang Pilipino. Sa dayalogo pa lamang ay nakukuha na ng mga mambabasa ang nais palutangin na isyu at mga taong kasangkot o pinagpapatungkulan ng komik iskrip. Maliban pa roon, higit pang nakadadagdag sa katatawanan ang biswal na guhit ng mga reaksyon ng mga karakter sa kwento.

Dagdag naman ni Singh (2012): *"Satire is a genre of literature and sometimes graphic and performing arts, in which vices, abuses, and shortcomings are held up to ridicule, ideally with the intent of shaming individual, and society itself, into improvement. Although satire is usually meant to be funny, its greater purpose is often constructive social criticism, using wit as a weapon and as a tool to draw attention to both particular and wider issues in society."*

Sinasalaysay ni Pol ang realidad sa pamamagitan ng satirikong lapit sa madla. Isang rason ito upang gumaan ng tanggap ng mga mambabasa sa kaniyang obra. Mabisang nagamit ang satiriko o pagpapatawang may halong pang-uyam o pagluha (makatawag pansin na dayalogo at nakasasakit-tiyan na dibuho) para mailahad nang magaan ang mga isyung pang-edukasyon, pang-ekonomiya, pampulitika at pansosyal na aspeto ng lipunang Pilipino na makikita sa mga istrip ng akda. Isang halimbawa nito ay ang PB serye 10, pahina 63:

> *Nakikipag-away si Paltik.Tawagin niyo si Miss Nobatos at Mr. Llamado!!*
> *(mga guro) bente kay Paltik..call!!*

Mangingiti o matatawa ang sinumang makapagbabasa nito dahil sa halip na awatin ng mga guro ang mga estudyanteng nag-aaway ay pinagpustahan pa ito bagay na hindi angkop sa dapat ikilos ng mga guro tulad nila. Tunay na Pinoy itong Pugad Baboy. Simple lang ang mga linya at konting taas lang ng kilay ang mga kalakip na dayalago sa bandang huli pero heavy ang cholesterol ng mga jowks-pwede kang mahighblood (Jess Abrera).

Hindi mapagkakaila ang kapansin-pansin na impak ng komiks istrip ng Pugad Baboy sa mga mambabasa nito. Ayon mismo sa madla at lipunang Pilipino mula sa panayam ng PhilStar: "*They make us laugh but they also make us think. Although comic strips are supposed to be funny, creators also want readers to reflect." Dagdag pa, "As a fan, I strongly believe he will continue to bring awareness with regards to current events in an entertaining way."*

Pinapatunayan lamang na ang satirikong istilo sa mga akda ni Pol ay nakapag-uudyok sa madla upang kritikal na mag-isip at magsuri sa mga nangyayari sa lipunan.

Samantala nakadagdag sa kagandahan ng istrip ang paggamit ng mga tayutay tulad ng paglulumanay, pagwawangis, pagmamalabis at pang-uyam para patamaan ni Pol ang pinatutungkulan sa hindi halatang paraan. Nakatulong din ang paggamit ni Pol ng impormal na wika tulad ng balbal (bulgar) sa pagpapalutang ng mga isyu para maging makatotohanan ang mga dayalogo sa istrip.

Matalino ang pagpili ng mga salita sa mga komiks istrip ng Pugad Baboy. Tiniyak niyang sinasalamin sa dayalogo ang paraan ng paggamit ng mga salita ng mga taga-Pugad Baboy na matatagpuan sa Bagong Barrio West, Caloocan City, ang lugar kung saan hinango ni Pol ang titulo at konsepto ng kaniyang komik istrip. Ito ang pinakamalapit na representayong maaaring sumasalamin sa lipunang Pilipino dahil sa *overpopulated*, polusyon at iba pang talamak na umiiral dito. *Informal settlers* o eskwater kung ilarawan ang mga ninirahan dito at itinuturing na kabilang sa mga mahihirap na mamamayan sa bansa. Halo-halo rin ang pinagmulan ng mga residente dito. Hindi lamang mga Pilipino kundi maging mga dayuhan tulad ng inintsik. Sa gayong kalagayan ng buhay, kadalasan ay balbal ang pangunahing wikang pinaiiral sa komunidad. Malinaw na makikitang sinasalamin nito ang lipunang Pilipino.

Sa mundo ng komedya, teknik o estratehiya ang paggamit ng mga balbal na salita upang higit na maging katawa-tawa ang bawat linya. Sa Pugad Baboy, sumasalamin ang balbal na pananalita sa maka-Pilipinong at tipikal na pamumuhay sa Pilipinas, higit na sa sentro o Manila kung saan talamak ang kahirapan, kurapsyon, polusyon, paggamit ng pinagbabawal na gamot at iba pa. Ginamit ni Pol ang mga salitang balbal upang tuwirang ilahad na ang kaniyang komik istrip ay mula sa perspektibo o lente ng mga Pilipino. Matagumpay na naisa-komiks ni Pol ang likas na satirikong kaugalian ng mga Pilipino pagdating sa pagtugon sa mga mainit na usapin at isyu. Nakauugnay ang mga mambabasa sapagkat nahihinuha nila ang kanilang sarili sa mga karakter na nagbabatuhan ng dayalogo na mayroong kasamang pang-uupat at pangungutya sa loob ng komik istrip.

Idagdag pa, abot ng lahat ng Pilipino ang mga salitang kalye o balbal. Pangmasa ito kaya tugma sa pangmasang lapit ng komik istrip. Maliban sa dagdag nitong nakatatawang dala, mabilis nauunawaan ng mga mambabasa

ang dayalogo sapagkat hindi ito dayuhan sa kanilang bokabularyo at pandinig. Naging mabisa itong daluyan sapagkat sinisigaw nito ang pagka-Pilipino ng mga karakter sa istrip dahilan upang higit na maging makatotohanan at kapanipaniwala ang mga dayalogo. Malaki ang gampanin ng mahusay na pagpili ng mga salita ni Pol upang masuportahan ang tagpuan, karakter at kwentong pumapatungkol sa mga isyung panlipunan sa bansa.

Sa kabuuang pagsusuri sa istilo ng awtor sa pagsulat ng mga dayalogo, masasabihing epektibo ang komposisyon ng mga linya sa loob ng kwento upang talakayin ang mga isyung panlipunan. Masasabing mabisa ang dayalogo kapag nadadala ang mga mambabasa daloy ng kwento. Nakatatanggap ng reaksyon si Pol mula sa madla. Ang kaniyang mga komik istrip ay pinagsisimulan ng mga argumento at batuhan ng opinyon patungkol sa kontrobersya. Mapa-sang-ayon man sa kaniya o hindi, natuwa man o nagresulta ng pagkagalit ay maituturing itong reaksyon o tugon mula sa madla na isang indikasyon ng mahusay na eksekyusyon ng paggamit ng dayalogo. Ibigsabihin, natatanggap ng mga mambabasa ang pinupunto ng komik istrip.

Maayos na natahi ni Pol ang lahat ng elemento mula sa biswal na paglalarawan, dayalogo, pagpili ng mga salita hanggang sa mga isyung panlipunang nakakubli o minsa’y lantarang panunuya. Nakuha niya ang kiliti ng masa, hindi lamang sa pangkaraniwang lapit ng komedya o pagpapatawa kundi sa satirikong paraang may kapakinabangan at boses sa lipunan. Ang gayong istilo at lapit ng komik istrip ni Pol ay nakapupuhaw ng atensyon na pinagmumulan ng kumbersasyon at aksyon mula masa at mga pinatutungkulang mga kasangkot sa isyu.

*Representasyon ng bawat tauhan sa Kontemporaryong kalagayan ng lipunang Pilipino*

Malaki ang ginampanan ng mga tauhan sa bawat serye ng Pugad baboy sa pagpapalutang ng mga napapanahon at makatotohanang isyu sa aspetong pang-edukasyon, pang-ekonomiya, pansosyal at pulitikal gayundin ang kultura ng pamilyang Pilipino.

Batay sa testimonya ni Pol sa serye 10, hango sa totoong buhay ang mga pangunahing tauhan ng komik istrips. Ibinase niya ang katangian ng mga karakter niya sa mga miyembro ng kanyang pamilya mula da kanilang mag-asawa hanggang sa mga kapatid nito.

Sa pagpapatibay ng dulog realismo na ginamit sa panunuri, masasabi ng mananaliksik na repleksyon ng buhay ng mga Pilipino ang nakapaloob sa akda. Sa realidad nakabatay o hango ang mga istrip ng PB. Ang bawat karakter ay tunay na makikita sa lipunan. Mula sa pinakamaliit na yunit ng lipunan, ang pamilya na binubuo ng ama, ina, anak at iba pa na mayroong representasyon sa iskrip. Hanggang sa edukasyon na pinalulutang ang

Volume 2 Issue No. 1 (June 2023)
ISSN: 2815-1933

karakter ng guro at maging ang anumalyang umiiral sa gobyerno ay napalutang ng malikhaing kaisipan ni Pol. Bawat tauhan na ginamit ay may isinasalamin na sektor ng lipunang Pilipino sa konteporaryong kalalagayan ng Pilipinas mula sa mga maliliit na mamamayan hanggang sa mga matataas na tao sa lipunan.

Nakuha ng komik istrip ni Pol hindi lamang ang kiliti kundi maging ang puso ng lipunang Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay sa masa ng mga kwento at karakter na nakauugnay at relaytabol para sa mga mambabasa. Ang mga karakter ay hindi na bago sa mga nakababasa nito sapagkat hindi naiiba ito sa araw-araw na nakasasalamuha ng mga mambabasa sa lipunang Pilipino.

*"Pugad Baboy's cast of characters is a microcosm of Filipino society"* (Philstar, 2013). Maliban sa kaaliwan nitong dala sa masa, hindi mapagkakaila na nagsisilbing boses ang komiks istrip ni Pol para sa mga pinagkaitan ng karapatan at boses ng lipunan dahil ang bawat karakter ay nagrerepresenta sa kalalagayan ng bawat Pilipino. Ang mga karakter ay may kani-kaniyang tungkulin sa pagpapalutang ng mga isyu. Malaking kasangkapan ang mga karakter sa mga likhang komiks ni Pol upang mapag-usapan ang kailangang mapag-usapan. Palutangin ang kailangang palutain, mabuti man o hindi kaaya-ayang kaugaliang umiiral sa lipunang Pilipino sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng realidad tungo sa mga karakter sa mundo ng komik istrip — Pugad Baboy.

Sa bawat komik istrip na kaniyang likha, kaniyang ginaganapan ang pagiging "*narrator*" o "tagapagsalaysay" ng kaniyang napansin at napuna sa mga pangyayari sa kasalukuyan at kasaysayan sa pamamagitan ng pagguhit at pagsulat ng komik istrip. Kaniya lamang sinasalaysay ang mga tunay na kaganapan at mga isyung pilit iniiwasang pag-usapan sa lipunan. Ang lipunang Pilipino ang gumuguhit sa mga kwento ng komik istrip ni Pol mula sa interaksyon at pag-usisa sa lipunang Pilipino nabubuo ang mga karakter at kwentong kinagigiliwan ng masa dahil sa satiriko nitong lapit sa madla. Ang mga pangyayari at mga kasangkot na tauhan sa aktwal na lipunan ang nagtutulak sa kaniya upang isa-komiks ang iba't ibang uri ng Pinoy at ang magulo't minsa'y makulay na buhay ng mga Pilipino.

*Polgas*

Siya ang pinakabida sa mga istrip, isang aso na may isip at talino na katulad ng tao. Representasyon siya ng iba't ibang mukha ng Pilipino; matalino at talentado—nakikilala sa larangan ng patimpalak pag-iisip, pag-awit, pagsayaw, isports at iba pang larangan tulad ng mga Pilipinong humahakot at nag-uuwi ng mga karangalan para sa bansa; mapamaraan—laging umiisip at nagmumungkahi ng paraan upang masolusyunanan ang mga kinahahaharap na suliranin tulad halimbawa ng ABS-CBN Foundation na naglunsad ng programa Kapit-Bisig para sa Ilog Pasig; bayani – tulad ng mga Pilipinong naging tapat sa kanilang mga tungkulin para sa kagalingan ng

pangkalahatan.Pinatunayan ni Pol walang malaking nakapupuwing na sa pamamagitan ng tauhang si Polgas.

*Pamilya Sungcal*

Sinasalamin nito ang tipikal at tradisyunal na pamilyang Pilipino. *Si Mang Dagul* ang nagtatrabaho bilang chef. Makikita sa kanya ang isang amang Pilipino mula sa suportang pinansyal hanggang sa emosyunal para sa bawat miyembro ng pamilya. Makikita naman kay *Debbie* ang isang tunay na halimbawa ng tradisyunal na ilaw ng tahanan. Nag-iisip at kumikilos para sa kabutihan ng pamilya. Pinagsisilbihan ang asawa at anak sa abot ng makakaya. Sa kabila ng pagiging moderno ngayon ng Pilipino, may ina pa rin na tulad ni Debbie na kuntento sa kung ano ang mayroon sa sariling pamilya ngunit kinahiligan din niya ang pamimili ng mga usong damit. Sinalamin naman ni Kules ang mga OFW. Kinailangang umalis sa bansa upang makaipon para sa pamilya dahil mas malaki ang sahod at mas may malaking oportunidad doon ngunit ipinakikita rin niya ang tunay na pananabik sa sariling bansa. Mailalarawan naman ni *Tiny* ang mga kabataang sa kasalukuyan, isang kolehiyala na may kumpansiya sa sarili. Ipinakikilala ni Tiny ang ideyal na pananaw ng ilang kabataan sa pag-aaral, saloobin sa pakikipagrelasyon gayundin ang kilos na may ompiyansya. Samantala, repleksyon naman ng batang mamamayan na Pinoy si *Utoy*. Isang matalino at may talento sa pagtugtog ng saxophone. Makikita sa kasalukuyan na lutang na lutang sa mga batang Pilipino ang kanilang mga kakayahan dahil na rin sa kanilang exposure sa iba't ibang programa mula sa iba't ibang media. Ipinakilala naman sa komikong libro na ito si Brosia,isang alaskador at walang isip na kasambahay. Sinasalamin niya ang mga mababang tao sa lipunan. Sa kabila ng pagiging alaskador taglay pa rin niya ang katangiang Pilipino na tapat sa tungkulin at pagigung masiyahin sa kabila ng kahinaang mayroon siya.

*Pamilya Sabaybunot*

Sinasalamin naman ng pamilyang ito ang pamilyang Pilipino na may pagkabayolente ngunit tolerable naman. Si *Tomas* ay isa sa sumasalamin sa mga kawani ng gobyerno partikular na ang Philippine Air Force ng bansa. Ipinakikilala rito ang tipikal na gawi, isip at sallobin ng isang pulis—umiinom bilang pakikisama, pumupunta sa mga disco house at laging dala ang baril. Samantala, kabaligtaran naman ni Debbie si *Barbie,* maybahay ni Tomas. Peminista, empowered at liberated si Barbie. Sinasamin niya ang mga babae sa kasalukuyan na kayang panindigan ang anumang desisyon na hindi kinukunsulta ang asawa at pinangangatawanan ang anumang tinuran ngunit sa kabila nito ang pagkamarelihiyoso ay hindi niya nakakalimutan.

Si *Paltik* gaya ni Utoy ay kumakatawan sa mga batang mamamayan at kung si Utoy kilala bilang matalino, kilala naman si Paltik bilang alaskador at kahit ang guro nilaa ay nabibiro niya na madalas ikinagagalit nang huli at

ganudin ang pangbablockmail nito a kanyang tatay. Ang ganitong karakter ni Paltik ay dala marahil ng kanyang pagiging isang anak lang.

*Pamilya Lamon*

Repleksyon ng pamilyang ito ang mga pamilyang mahilig sa pagkain, ayon kay Pol mismo. Sinasalamin ni Bab ang mga Pilipinong tamad sa lipunang Pilipino resulta ito ng pagiging drop-out na estudyante at dahil sa tambay, siya ay may bisyo tulad ng paninigarilyo, pag-inum ng alak, paggamit ng ipinagbabawal na gamut ganundin ang pagkakaroon ng gonorrhea at iba pabg nakakahawang sakit.Pinatutunayn din ni Bab batay sa karakter nito na mahalaga ang edukasyon sa buhay upang maiwasan ang first-day-lastday na trabaho.Samntala, repleksyon naman ng batang babae sa lipunang Pilipino si Jolen, kapatid ni Bab. Sinasalamin niya ang mga kabataang maaga o batang nakikipagrelasyon. Sinasalamin naman ni Tita Cel ang isang single parent dahil sa maagang pagpanaw ng kanyang kabiyak. Tipikal din siyang nanay na umiinit ang ulo sa disappointment sa kanyang anak na si Bab. Sinasalamin naman ni Ka Noli ang grupo ng mga komunista sa bansa. Usapin pa mula noon hanggang ngayon ang mga taong labas o NPA. Kasama ni Ka Noli ang anak niyang si Joma sa Pugad.

*Pamilya Tang*

Ito ang pamilyang kinabibilangan nina Mao at Pao, repleksyon sila ng pamilyang Tsiony na itinuturing na second home ang Pilipinas (Medina. 1994) dahil ditto na rin nanirahan at namumuhunan. Sumasalamin si Mao sa mga negosyanteng tsinoy at ang magulang na hindi tanggap an gang pagiging bakla ng anak.Si Pao ay anak ni Mao. Ipinakilla niya ang mga “bading” sa lipunang Pilipino. Pinalutang ni Pol ang karakter ng isang bading sa pamamagitan ng pagpapagamit ng gay lingo na tanging si Pao at ang kapwa bading lang niya sa serye ang nakaiintindi. Pinatunayan din ng karakter ni Pao na karamihan sa mga nagmamay-ari ng beauty parlor mapalokal man o nasyunal ay bading.

Si *Igno* ang sumasalain sa mga ex-convict na handing magbago. Ginagamit ang natutunan sa bilibid para sa iba pang part time job. Samantala si *Joboy* naman ang kumakatawan sa mga skilled worker na mga Pilipino.

Sinasalamin naman ng katauhan ni *Tata Mads* ang mga matatanda sa lipunan na iginagalang at pinahahalagahan. *Si Doc Sebo* ang sumasalamin sa mga Pilipinong gumagamit pa rin ng tradisyunal na paraan ng panggagamot.

Sinasalamin din ni *‘Adre* ang mga OFW na nawalay sa kanilang pamilya para sa sariling pag-angat.

Si *Bb. Nobatos* ang sumasalamin sa ilang katangian ng mga guro tulad ng pagkamatiyaga sa pagtuturo, pagiging kontento sa mababang sahod at sa kabila ng lahat ng ito taglay pa rin niya ang saloobin ng mga gurong Pilipino- ang pagkakaroon ng puso sa mga estudyante at pagpapahalaga sa bokasyon sa kabila ng nararanasang krisis-pinansyal.

Samantala, sinasalamin naman nina *Patrolman Durugas* ang mga pulis na lantarang isinasagawa ng pangongotong at opisyal na corrupt naman ang sinasalamin ni *Senator Cobalfin.* Sila ang mga buwaya ng lipunang Pilipino.

Sa pangkalahatang pagtingin, ang komunidad ng Pugad Baboy ay sumasalamin sa lipunang Pilipino sa kabuuan; may tagapagplano, tagapagpatupad, tagasunod at tagatanggap ng produkto.

*Implikasyo ng mga Isyu sa Lipunang Pilipino*

Bawat isyu o suliraning panlipunan ay may tiyak na mga implikasyon sa mga napatutungkulan; sa mga opisyal sa pamahalaan, opisyal sa pamahalaan, opisyal sa edukasyon, guro, estudyante mamamayan at mga mambabasa para sa pagpaplano, pagsuporta, pagpapatupad at pagsunod sa pagbibigay solusyon sa suliranin. Hindi man ito tuwirang pinasusubalian sa mga dayalogo dahil sa satirikong lapit nito, malinaw na mahihinuha ang mga isyu, higit kung ang mambabasa ay may sapat ng kamalayan sa mga pangyayari sa lipunan mula sa kasaysayan hanggang sa kasalukuyan. Maaari itong mailarawan na “inside jokes” sa pagitan ng may-akda at ng mga mambabasang pinoy patungkol sa mga usapin at mga pangyayaring umiiral sa bansa. Ang mga mamamayan lamang na mayroong iisang kinamulatang lipunan ang makahihinuha ng implikasyon ng mga isyu sa komik istrip ng Pugad Baboy.

Ang paggamit ng komiks at midya ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapabatid ng mga mahahalagang kailangan kaganapan at pag-usapan upang makarating sa mga mamamayan. Hindi lamang upang makapagbigay aliw kundi para makisangkot ang lipunang Pilipino sa pagbabago at pagpapanatili ng kultura ng pamilyang Pilipino.

## KONKLUSYON

Bilang resulta ng pagsusuri nalaman ng mananaliksik ang mga sumusunod:

Mayaman ang “Pugad Baboy” serye una hanggang sampu sa mga isyung panlipunan; pang-edukasyon, pang-ekonomiya, pansosyal at pampulitikal na aspeto. Tunay na maituturing na historikal book ang mga serye dahil nakapaloob dito ang ilang mga pangyayari sa bansa na nakapagdulot ng kamalayan kundi naman ay kumakatawan sa buhay ni Juan sa kabuuan.

Nakapaloob din sa mga sinuring serye ang mga kulturang Pilipino hinggil sa pamilya. Makatotohanan na naipakita ng mga serye ang katangi-tanging kaugalian ng mga Pilipino kapag pamilya na ang pinag-uusapan.

May mga pagbatikos na nakapaloob sa mga dayalogo ng mga istrip ngunit hindi halata dahil sa paggamit ni Apolonio Medina Jr. ng pagpapatawa. Naging epektibo ang paggamit ng mga tayutay tulad ng pagmamalabis at pag-

uyam para sa "di-pansin" na pamumuna. Reyalistik ang mga dayalogo dahil sa paggamit ng balbal (bulgar) na mga salita.

Mayroong kapangyarihang ang mga komik istrip na pangunahan ang hinanaing at magsilbing boses ng masang Pilipino. May kakayahan din itong pumukaw ng atensyon sa pamamagitan ng satirikong pagtugon sa mga isyu. Nagbubukas ito ng pinto upang pag-usapan ang mga kailangang pag-usapan upang matugunan ang kailangan matugunan. Hangarin nitong gisingin ang mga natutulog sa tungkulin sa pamamagitan ng pagkuha ng pakikiisa at pakikisangkot ng masa. Gumuguhit ito ng latay sa madla na nagpapamulat sa mga Pilipinong mangialam sa mga isyung kinakaharap ng bansa.

Ang salitang "Pugad Baboy" ay tumutukoy sa "lipunang Pilipino" at ang mga tauhan na kumikilos sa lugar o akdang ito ay ang mga Pilipino mismo.

Totoo na may negatibo at positibong implikasyon ang mga isyung panlipunan, pang-edukasyon, pang-ekonomiya, pansosyal at pampulitikal sa lipunang Pilipino lalo na sa mga mamamayan, estudyante, guro, opisyal sa edukasyon at opisyal sa pamahalaan. Ang mga implikasyong ito ay nakapagpapamulat sa kamalayang Pilipino kung hindi man ay nagpapakilos para sa pagbabago.

## SANGGUNIAN

Andres,T.A. (1987) Management by Filipino Values: A Sequel to Understanding Filipino Values. Quezon City; New Day Publisher.

Aranel, J.O. (1989) Pagsusuri sa Tatlong Iisahing Yugtong Dulang "panahon ng Digma" ni Alberto S. Florentino at ang Implikasyon nito sa Kasalukuyang Panahon. Wesleyan University Philippines. Di-nailathalang Tesis

Ancheta, M.G. (200) Pig's Nest in an Even Bigger Pen: Pugad Baboy a Case of Subversion and Renegotiation in Philippines Comedy. University of the Philippines Diliman. Nailathalang Tesis

Banta, V. et al. (2016). Lifetimes Of Disposability And Surplus Entrepreneurs In Bagong Barrio, Manila. Antipode

Cukingnan, D. at Agnes Go. (1980) Komiks: Isang Pagsusuri. Philippines Comics Magazines: Kalabog, Kenkoy, Phantomanok etc. Comp. M. Georgette C. Solina. Institute of Mass Communication- UP Diliman. Di-nailathalang tesis.

Medina, P. Jr.(1997) Pugad Baboy One. Las Piñas City; Pol Medina Jr. Novelties.

Nadeau, K. (2011). So Far, Yet Home? The Impact of Colonization and Globalization on the Philippine Family. Anthropology Faculty Publications.

Rossen, S. (2022). Comedy And Its Social Influence – Maybe It Is More Than "Just A Joke". The Forum

Singh, R. (2012). Humour, Irony and Satire in Literature. International Journal of English and Literature

Unresponsive Education Blamed for Job Mismatch_(2010). Trade Union Congress of the Philippines

Ylagan, Christian. Who We Are Is What Makes Us Laugh: Humour as Discourse on Identity and Hegemony. Interlitteraria